VISAYAS STATE COLLEGE OF AGRICULTURE
Baybay, Leyte

OFFICE OF THE PRESIDENT

April 18, 1995

MEMORANDUM NO. 54
Series of 1995

T O : VISCA Faculty, Staff and Students
c/o Dept./Unit/Center Heads

SUBJECT : Recitation of "Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno" and singing of "Awit ng Serbisyo Sibil" as part of the Flag Raising and Lowering Ceremonies on Mondays and Fridays

In compliance with DECS Order No. 15, series of 1995 and CSC Memo Circular No. 02, series of 1995, the recitation and singing of the above-mentioned pieces shall become part of the flag raising and lowering ceremonies on Mondays and Fridays in all offices of VISCA.

For the guidance of all, the following are reproduced in the following attachments:

Attachment A - Panatang Makabayan
Attachment B - Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno
Attachment C - Awit ng Serbisyo Sibil

Mr. Freddy Baldos of PICRO, is hereby requested to conduct a teach-in on how the "Awit ng Serbisyo Sibil" should be sung.

For compliance.

SAMUEL S. GO
President

## PANATANG MAKABAYAN

Iniibig ko ang Pilipinas
Ito ang aking lupang sinilangan
Ito ang tahanan ng aking lahi
Ako'y kanyang kinukupkop at tinutulungan
Upang maging malakas, maligaya at kapaki-pakinabang

Bilang ganti, diringgin ko ang payo ng aking mga magulang;
Susundin ko ang mga tuntunin ng aking paaralan;
Tutuparin ko ang mga tungkulin ng isang mamayang makabayan at masunurin sa batas;
Paglilingkuran ko ang aking bayan nang walang pag-iimbot at nang buong katapatan;
Sisikapin kong maging isang tunay na Pilipino sa isip, sa salita at sa gawa.

X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X-X

## PANUNUMPA NG KAWANI NG GOBYERNO

Ako'y kawani ng gobyerno,
Tungkulin ko ang maglingkod nang tapat at mahusay
Dahil dito,

Ako'y papasok nang maaga at magtatrabaho nang lampas sa takdang oras kung kinakailangan;
Magsisilbi ako nang magalang at mabilis sa lahat ng nangangailangan;
Pangangalagaan ko ang mga gamit, kasangkapan at iba pang pag-aari ng pamahalaan;
Magiging pantay at makatarungan ang pakikitungo ko sa mga lumalapit sa aming tanggapan;
Magsasalita ako laban sa katiwalian at pagsasamantala;
Hindi ko gagamitin ang aking panunungkulan sa sarili kong kapakanan;
Hindi ako hihingi o tatanggap ng suhol;
Sisikapin kong madagdagan ang aking talino at kakayahan upang ang antas ng paglilingkod sa bayan ay patuloy na maitaas.

Sapagkat ako'y isang kawani ng gobyerno at tungkulin ko ang maglingkod ng tapat at mahusay sa bayan ko at sa panahong ito;
Ako at ang aking mga kapwa kawani ay kailangan tungo sa isang maunlad, masagana at mapayapang Pilipinas.
Sa harap ninyong lahat, ako'y taos-pusong nanunumpa.

Attachment C

# AWIT NG SERBISYO SIBIL

( CIVIL SERVICE MARCH )

Titik at Musika
FELIPE P. DE LEON

